REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-261

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG MALUGOD NA PAGSANG-AYON AT PAKIKIISA ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA MAGKAROON NG KATUPARAN ANG PLANONG PAGTATAYO NG BAGONG GUSALI PARA SA LABORATORYO NG AGHAM (SCIENCE LABORATORY BUILDING) SA MATAAS NA PAARALANG PAMBANSA NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang bilang ng mag-aaral sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa ay patuloy ang pagtaas taon-taon;

SAPAGKAT, higit na mabibigyan ng mataas na antas ng edukasyon ang mga mag-aaral kung mayroong makabagong kagamitan at maayos at maginhawang mga silid-aralan;

SAPAGKAT, ang anumang tulong na magmumula maging sa pribado o publiko mang sektor ng ating lipunan para sa ikatataas ng uri ng pagtuturo sa mga paaralan ay lubos na inaasahan at bukas-palad na tatanggapin;

SAPAGKAT, magiging mabilis ang katugunan sa ninanais nating magandang landasin ng ating mga kabataan sa kinabukasan kung may matibay na pundasyon ng edukasyon.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na magpahayag ng kanilang taos-pusong pagsang-ayon at pakikiisa na magkaroon ng katuparan ang planong pagtatayo ng bagong gusali ng agham sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa at pinagpasiyahan pang muli ng malugod na paghiling kina Dr. Herminia D. Torres, STCC Node Coordinator ng De La Salle University at Dr. Ester B. Ogena, Director ng Science Education Institute na magkaroon kaagad ito ng katuparan sa kanilang pamamagitan.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa ginanap na tanging pulong ngayong ika-14 ng Abril 1992.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan